Chapter 2

# Mga Paraan sa Ward Office o City Hall





## 1 Mga Kailangang Ireport

### 1-1 Pagrereport ng adres

Kailangang magreport ng adres nila sa ward office o city hall ang mga sumusunod na dayuhan.

**Ang mga kailangang magreport**

- Mga may Residence Card (middle at long-term resident)
- Mga special permanent resident
- Mga binigyan ng pansamantalang proteksiyon o pahintulot na tumigil nang pansamantala (provisional stay)
- Mga puedeng tumira sa Japan nang pansamantala dahil sa nanganak o nawalan ng Japanese nationality

#### (1) Kapag pumasok kayo sa Japan at binigyan kayo ng bagong landing permit

- Kailangang ireport sa ward office ng lugar ninyo ang inyong tirahan sa loob ng 14 na araw mula sa petsang tumira kayo sa adres ninyo.
- Kapag magrereport kayo, dalhin ninyo ang Residence Card ninyo (o passport, para sa hindi pa naisyuhan ng Residence Card.)
- Kapag kasama ninyo ang pamilya ninyo, kailangan ang marriage certificate o birth certificate at iba pang opisyal na dokumentong nagpapatunay ng relasyon ninyo.
- Ito ang proseso pagkatapos ninyong ipaalam ang adres ninyo.

i. Kapag ipinaalam ninyo ang adres ninyo, irerehistro na rin ito sa Residence Card ninyo.

ii. Gagawin ang inyong Certificate of Residence.

- Isusulat ang inyong pangalan, birthday, kasarian, adres at iba pa
- Puedeng mag-apply para sa kopya ng Certificate of Residence para mapatunayan ang katayuan ninyo bilang residente. (May bayad ito.)


iii. Ipapaalam sa inyo ng ward office o city hall ang tungkol sa Individual Number.

*Individual Number: 12 numero para mabilis kayong makilala para sa social security, sa paghahanda ng buwis, at sa panahon ng kalamidad.

Pakitsek ang 2 para sa sistema ng Individual Number.

iv. Sa mga hindi pa nag-aapply para sa Individual Number card, gamitin ninyo ang application form na kasama ng notification tungkol sa Individual Number.

## (2) Kapag lilipat ng tirahan



i. Kapag lilipat kayo ng tirahan sa ibang city, ward o bayan

- Bago kayo lumipat
  → ireport ninyo ang paglipat ninyo ng tirahan sa ward office o city hall ng tinitirhan ninyo sa kasakuluyan.
- Pagkatapos ninyong lumipat
  → ireport ninyo ang bago ninyong adres sa loob ng 14 na araw, sa ward office o city hall ng bago ninyong tirahan.

ii. Kapag lilipat kayo sa parehong city, ward o bayan


Ireport ninyo ang bago ninyong adres sa loob ng 14 na araw pagkatapos ninyong lumipat sa ward office o city hall ninyo.

iii. Kapag lilipat kayo sa ibang bansa

Ireport ninyo ang pag-alis ninyo papunta sa ibang bansa, bago kayo umalis, sa ward office o city hall sa inyong lugar.

Pakitsek ang detalye sa homepage na ito:
https://www.soumu.go.jp/main_sosiki/jichi_gyousei/c-gyousei/zairyu/english/move-in_move-out.html

# 1-2 Pagrereport ng kasal



### Kapag nagpakasal sa Japan

- Ireport ninyo ang pagpapakasal sa ward office o city hall ninyo.
- Kapag tinanggap ang lahat ng mga kailangan mula sa dalawang gustong magpakasal at kinilala ang mga ito, puede na silang magpakasal.

## (1) Mga kailangan sa pagrereport ng kasal

| | |
|---|---|
| Mga Hapon | Family register |
| Mga Dayuhan | • Certificate of legal capacity to be married<br>• Kapag nakasulat sa ibang wika ang certificate of legal capacity to be married, kailangang ipa-translate ito sa Japanese at isama ito sa pagsasabmit. |

(Attn. 1) May ibang bansang hindi nag-iisyu ng ganitong certificate. Kung ganito, isabmit ninyo ang kapalit na dokumento nito.

(Attn. 2) Pakisulat ninyo ang pangalan ng translator sa itinranslate na dokumento. Puedeng kayo rin ang translator.

## (2) Validity sa sariling bansa

Kapag nagpakasal kayo sa Japan, valid ito sa Japan, pero hindi nangangahulugang valid ang kasal ninyo sa sarili ninyong bansa. Itanong ninyo sa embassy o consulate ng bansa ninyo kung valid ang kasal ninyong ginawa sa Japan.

## 1-3 Pagrereport ng diborsiyo

**Kapag magdidiborsiyo sa Japan**

- Kapag nagkasundo na ang parehong partido sa pagdidiborsiyo, irereport ang pagdidiborsiyo sa munisipalidad.
- Nag-iiba ang mga kundisyon depende sa lugar na tinitirahan o nasyonalidad. Mangyaring magtanong sa munisipalidad.
- Kapag hindi sumasang-ayon ang isang partido sa pagdidiborsiyo, magsasagawa ng diborsiyo sa pamamagitan o diborsiyo sa paglilitis sa pampamilyang korte.

### (1) Validity sa sariling bansa

Valid sa Japan ang diborsiyong itinatag sa Japan, ngunit hindi nangangahulugang valid din ito sa sariling bansa. Mangyaring magtanong sa inyong Embahada o Konsulado sa Japan tungkol sa kabisaan ng diborsiyong itinatag sa Japan.

### (2) Kapag inaalala na isusumite ang report ng pagdidiborsiyo na walang pagsang-ayon

Kapag inaalala na isusumite ng kabilang partido (Hapon) ang report ng pagdidiborsiyo na walang pagsang-ayon, maiiwasang matatag ang pagdidiborsiyo sa pamamagitan ng pagsusumite ng apela na hindi pagtatanggap ng report ng pagdidiborsiyo sa munisipalidad ng parmanenteng tinitirahan ng kabilang partido (Hapon) o ng inyong tinitirahang lugar.

## 1-4 Pagrereport ng pagkamatay

**Kapag namatay sa Japan**

- Kailangang ireport ang pagkamatay ng kapamilya ninyo o kasama sa bahay.
- Kailangang ireport ang pagkamatay sa loob ng 7 araw na malaman ang tungkol dito.
- Pakisabmit ang report na ito sa ward office o city hall ng lugar kung saan nangyari ang pagkamatay o sa lugar ng taong nagrereport.

### (1) Mga kailangan sa pagrereport ng pagkamatay

- Death certificate
- Itanong ninyo sa ward office o city hall kung may iba pang kailangan.

## (2) Pagsasauli ng Residence Card

Kailangang isauli ang Residence Card ng namatay na dayuhan sa loob ng 14 na araw ng pagkamatay, sa pamamagitan ng mga sumusunod na paraan.

- Dahin ninyo ito sa local immigration office.
- Ipadala ninyo sa adres na ito:

> Online Inspection Department, Odaiba Satellite Office
> Tokyo Regional Immigration Services Tokyo Wangan Joint Government Office 9th flr.
> 2-7-11 Aomi, Koto-ku, Tokyo 〒135-0064
> (Pakisulat sa harap ng envelope "Pagsasauli ng Residence Card".)

# 1-5 Pagrerehistro ng seal (*hanko*)



### Ano ang seal

- Tinatawag na pagrerehistro ng seal (*inkan toroku*) ang proseso ng pagrerehistro ng seal sa ward office o city hall.
  → May mga sitwasyong kailangan ninyo ito (tulad ng pagbili o pagbebenta ng lupa o bahay, at iba pa).

## (1) Paraan ng pagrerehistro ng seal

### Mga kailangan sa pagrerehistro ng seal

- Application form para sa pagpaparehistro ng selyo
- Seal (*hanko*)
- Isang ID na puedeng matiyak kung sino kayo (tulad ng Individual Number card, Residence Card, driver's license, at iba pa)

* Pagkatapos ninyong magrehistro, iisyuhan kayo ng seal registration certificate.
* Para sa detalye ng paglalakad nito, magtanong kayo sa ward office o city hall.





## (2) Certificate ng seal na inirehistro

- Ito ang dokumentong nagpapatunay na inirehistro ang seal sa ward office o city hall.
  → Ipakita ninyo ang seal registration card sa ward office o city hall ninyo para mag-apply para sa certificate na ito.
- Sa ibang munisipalidad, puwedeng tumanggap ng certificate mula sa convenience store, gamit ang inyong Individual Number card.

# 2 Ang Sistema ng Individual Number

## 2-1 Ano ang sistema ng Individual Number



- Kailangan ang Individual Number sa mga sumusunod na pagkakataon.

i. Kapag tatanggap kayo ng pension, ng allowance sa pagpapalaki ng bata, at sa pagpapapagamot
ii. Kapag magpapadala kayo ng pera sa ibang bansa o kapag tatanggap kayo ng pera mula sa ibang bansa
iii. Kapag magbubukas kayo ng account sa bangko

- Kapag gagamit kayo ng Individual Number


i. Tiyakin ninyong sa inyo talaga ang numero
ii. Tiyakin ninyong ang taong may dala ng ID na may retrato tulad ng passport at kayo, ay iisang tao. Sa dahilang ito, hindi puedeng magpanggap at gamitin ng ibang tao ang Individual Number ninyo.

## 2-2 Individual Number Card (My Number Card)

Isang card na may IC chip ang Individual Number card para sa maayos na pamumuhay sa Japan.

### (1) Mga nakasulat sa card

Sa harap ng card: pangalan, adres, bertdey, kasarian, retrato at panahon ng bisa
Sa likod ng card: Individual Number



Sa harap ng card



Sa likod ng card

### (2) Kailan gagamitin ito

- Gamitin ito bilang opisyal na dokumentong nagpapatunay ng pagkakakilanlan
- Sa pagpa-file ng income tax online
- Sa pag-aapply online para sa allowance ng bata o sa pagpasok ng bata sa day care center
- Sa pagkuha ng copy ng Certificate of Residence at iba pang sertipiko (*juminhyo*) ninyo sa convenience store (Puwedeng kunin kahit sa piyesta opisyal. Maaaring hindi makukuha ang copy ng Certificate of Residence depende sa munisipalidad.)

- Puwedeng gamitin bilang health insurance card (Sa paggamit ng iyong Individual Number Card sa mga medikal na pasilidad at botika, maibabahagi mo ang iyong impormasyong pangkalusugan at pangmedikal sa mga healthcare provider para sa mas mahusay na pangangalagang medikal.)

**Mangyaring tingnan sa sumusunod na website ang mga institusyong medikal o botika kung saan magagamit ito.**

https://www.mhlw.go.jp/stf/index_16743.html

## (3) Paraan ng pag-aapply

Kapag alam na ninyo ang adres ninyo, at kapag inirereport ninyo ito sa ward office o city hall, maaaring isabmit na rin ninyo ang application form para sa Individual Number card (maliban sa ilang munisipalidad).

Kapag nag-apply kayo sa unang pagkakaton, walang bayad ito.

Kapag nagreport kayo ng paglipat ninyo ng tirahan at hindi kayo nakapag-apply para sa Individual Number card, ipapadala sa bahay ninyo ang application form at puede kayong mag-apply sa pamamagitan ng mga sumusunod na paraan:

**i. Sa pamamagitan ng smart phone**

Kunan ninyo ang sarili ninyo ng retrato sa smart phone ninyo, at i-access ninyo ang website mula sa QR code ng application form.

**ii. Sa pamamagitan ng computer**

Kunan ninyo ng retrato ang sarili ninyo, at i-access ninyo ang website para mag-apply.

**iii. Sa pamamagitan ng post office**

Idikit ninyo sa application form ang retrato ninyo, isulat ninyo ang mga kailangang impormasyon, ilagay ninyo sa sobre at ihulog ninyo sa post office.

**iv. Sa pamamagitan ng photo booth para sa litrato ng pagpapatunay** (sa mga booth lang na makakagawa ng sumusunod)

Paandarin ninyo ang touch panel, ilagay ninyo ang pera at hanapin ninyo ang bar code reader ng QR code ng application form. Isulat ninyo ang mga kailangang impormasyon, kunan ninyo ang sarili ninyo ng retrato at ipadala ito.

**v. Sa pagpunta sa ward office o city hall ninyo** (Hindi kasama ang ilang office)

Isulat ninyo ang mga kailangang impormasyon at isabmit ninyo ito sa ward office o city hall ninyo.

* Kung nag-apply ka pagkatapos matanggap ang pagpapatunay ng pagkakakilanlan na kinakailangan para sa pagtanggap sa window ng ward office o city hall, puede ninyong

**Pakitsek ang detalye sa homepage na ito:**

https://www.kojinbango-card.go.jp/en-kofushinse/

## (4) Paraan ng pagtanggap nito

Darating ang postcard sa bahay ninyo mula sa ward office o city hall ninyo, isang buwan pagkatapos ninyong mag-apply. Dalhin ninyo ang postcard na iyon sa ward office, kasama ng iba pang kailangang dokumento at kunin ninyo ang inyong Individual Number card.

Pakitsek ang detalye sa homepage na ito:

https://www.kojinbango-card.go.jp/en-uketori/

# 2-3 Mga dapat ingatan sa paggamit ng Individual Number card

- Kung nagbago ang inyong pangalan, adres o iba pang bagay, kailangang ireport ninyo ito sa ward office o city hall ninyo.
- Pareho ang pag-expire ng Individual Number card ninyo at ang petsa ng pagtatapos ng panahon ng pananatili ninyo sa Japan.
- Pagkatapos ninyong mag-renew ng panahon ng pananatili ninyo, mangyaring palawigin ang bisa ng iyong Indibidwal na Numero Card sa opisina ng munisipyo kung saan ka nakatira bago ito mag-expire.

* Kahit na-renew ang panahon ng pananatili ninyo, hindi automatikong na-renew rin ang Individual Number ninyo. Kung mag-eexpire ang iyong Individual Number Card, may sisingiling fee para muli itong ma-issue.

* Kailangang mag-ingat sa espesyal na panahon na mangyayari sa panahon ng pag-aaplay ng katayuan ng pananatili.
Kapag inaasahang hindi mairerenew ang panahon ng pananatili habang balido ang Individual Number Card, kailangang ipaextend ang panahon ng validity ng Individual Number Card sa loob ng 2 buwan (Espesyal na panahon).
Matapos matanggap ang bagong Resident Card, kailangang ipaextend na muli ang panahon ng validity ng My Card hanggang sa petsa ng pagtatapos ng panahon ng pananatili.

Pakitsek ang detalye sa homepage na ito:

https://www.soumu.go.jp/main_sosiki/jichi_gyousei/c-gyousei/zairyu/english/basic_resident_registration_card.html

## 2-4 Mga iba pang bagay

Pakitsek ang homepage na ito para sa iba pang impormasyon:

**Tungkol sa sistema ng Individual Number**

https://www.digital.go.jp/policies/mynumber/

**Tungkol sa Individual Number card**

https://www.kojinbango-card.go.jp/en/

Puede ring magtanong sa telepono.

**Call center**
(Lunes - Biyernes 9:30 – 20:00, Sabado,
Linggo at Piesta Opisyal 9:30 - 17:30)

◎ **Sa Japanese:**

**TEL 0120-95-0178**

◎ **Sa Inggles, Chinese, Korean, Kastila at Portuges**

**TEL 0120-0178-27**